Ang Ating Pangangalaga, Ating Pagpili na Batas (Our Care, Our Choice Act) ay pinirmahan ni Gobernador David Ige noong Abril 5, 2018, na magiging epektibo sa Enero 1, 2019.

Gaano katagal aabutin ang proseso upang humiling at makakuha ng tulong-sa-pagkamatay na gamot?

Ang karaniwang haba ng panahon ay nasa pagitan ng 22 araw hanggang tatlong buwan at nangangailangan ng hindi bababa sa dalawang mga pagbisita sa manggagamot. Ang proseso para humiling at makakuha ng medikal na tulong-sa-pagkamatay ay maaaring maging matagal (at maaaring maging hindi matagumpay) kung wala kang isang mapagsuportang pangkat sa pangangalagang pangkalusugan. Samakatuwid, napakahalaga para sa mga indibidwal na maaaring mag-isip na gusto nilang ma-akses ang batas na makipag-usap sa kanilang manggagamot nang maaga.

Anong sanhi ng kamatayan na nakalista sa mga sertipiko ng kamatayan ng mga indibidwal na gumamit ng medikal na tulong sa pagkamatay?

Ang pinagbatayang sakit ay dapat na ilista bilang sanhi ng kamatayan. Tinutukoy ng batas na ang kamatayan na nagresulta mula sa sariling pangangasiwa ng tulong-sa-pagkamatay na gamot ay hindi pagpapatiwakal.

Nakakaapekto ba ang pag-akses ng medikal na tulong sa mamamatay sa testamento o seguro ng isang tao?

Ang pag-akses ng medikal na tulong sa pagkamatay ay hindi nakakaapekto ng masama sa testamento o seguro ng isang tao. Partikular na ipinag-uutos ng batas na ang mga testamento, seguro, mga kontrata at mga annuity ay hindi maaapektuhan kung paikliin ng kuwalipikadong indibidwal ang proseso ng pagkamatay sa pamamagitan ng paglunok ng tulong-sa-pagkamatay na gamot.

Kontakin Kami

Ang Compassion& Choices ay nagbibigay ng tulong sa mga manggagamot sa pamamagitan ng **Doc 2 Doc na Programa**, na nagbibigay ng libre, kumpidensiyal na konsultasyon at impormasyon sa telepono sa aming mga medikal na direktor na may malawak na karanasan sa tulong-sa-pagkamatay. Mangyaring ibigay sa iyong manggagamot ang Doc 2 Doc na numero ng telepono:

800.247.7421

Para sa higit pang impormasyon, kabilang ang mga video, pormularyo, at mga mapagkukunan mangyaring bisitahin ang:

CompassionAndChoices.org/Hawaii

Maaari ka rin mag-email sa amin sa:

hawaii@CompassionAndChoices.org

compassion & choices | HI

Ano ang Our Care, Our Choice Act?

Ang **OUR CARE, OUR CHOICE ACT** ay nagpapahintulot sa medikal na tulong sa pagkamatay. Pinahihintulutan ng batas ang may terminal na sakit, may kakayahan sa pag-iisip na mga na may sapat na gulang na may anim na buwan o mas maikli para mabuhay na humiling sa manggagamot ng reseta para sa gamot na maari nilang pagpasyahan na inumin sa kanilang mga huling araw o linggo upang wakasan ang hindi makayanang pagdurusa at mamatay nang mapayapa.

Sino ang Karapat-dapat para sa Medikal na Tulong sa Pagkamatay?

Upang maging karapat-dapat para sa medikal na tulong sa pagkamatay sa ilalim ng batas ng Hawaii, ang indibidwal ay kailangang maging:

- Isang may sapat na gulang
- May terminal na sakit
- Binigyan ng taning na anim na buwan o mas maikli para mabuhay
- May kakayahan sa pag-iisip na gumawa ng kanyang sariling mga desisyon sa pangangalag-ang pangkalusugan

Ang indibidwal ay kailangan rin maging:

- Isang residente ng Hawai'i
- Kumikilos nang kusang-loob
- Ang paggawa ng desisyon na may kinalaman sa pagbibigay ng impormasyon tungkol sa lahat ng ibang mga opsyon sa pagtatapos-ng- buhay.
- Nabigyan ng impormasyon na maaari silang pumili na huwag uminom ng tulong-sa-pagka-matay na gamot, kahit kinuha na ito.
- May kakayahan na pangasiwaan ang sarili at lunukin ang tulong-sa-pagkamatay na gamot

Dalawang doktor ng Hawai'i ang kailangang kumumpirma ng pagiging karapat-dapat na gamitin ang OUR CARE, OUR CHOICE ACT.

Ang dumadalong manggagamot ang nagrereseta ng gamot, at ang konsultahanag manggagamot ang nagbibigay ng ikalawang opinyon. Ang kapasidad ng pag-iisip ng pasyente ay dapat ding ikumpirma ng isang saykayatriko, sikologo o lisensiyadong klinikal na manggagawang panlipunan. Ang pagsusuring ito ay maaaring ibigay sa pamamagitan ng telehealth (sa pamamagitan ng telepono o video).

Ang Ginagawa Namin

Ang Compassion & Choices Hawai'i ay nagpapabuti ng pangangalaga at nagpapalawak ng pagpili sa pagtatapos ng buhay. Kami ay sumusuporta, nagtuturo at nagtataguyod. Mayroon kaming mga kasangguni, kawani at mga boluntaryo na handang maglingkod sa iyo.

Access Campaign

Ang Compassion & Choices Hawai'i Access Campaign ay tumutulong na matiyak ang matagumpay na pagsasagawa ng batas sa pamamagitan ng pagtuturo sa publiko at mga manggagamot, at nagbibigay ng teknikal na tulong sa mga sistema ng pangangalagang pangkalusugan, upang ang mga mamamatay na residente ng Hawai'i ay magkaroon ng akses sa buong hanay ng mga opsyon sa pagtatapos-ng-buhay, kabilang ang medikal na tulong sa pagkamatay. Ang Access Campaign ay magpapabagong-anyo sa paraan ng paghahatid ng pangangalaga sa pagtatapos-ng-buhay sa pamamagitan ng pagdagdag ng mga usapin tungkol sa pangangalaga sa pagtatapos-ng-buhay sa pagitan ng mga manggagamot at mga pasyente, pagdaragdag ng paggamit sa hospisyo at isinasama ang medikal na tulong sa pagkamatay sa pamantayan ng pangangalaga sa Hawai'i.

Sentro ng Impormasyon at Pagpaplano sa Pagtatapos-ng Buhay

Ang aming online na Sentro ng Impormasyon at Pagpaplano sa Pagtatapos-ng-Buhay ay may impormasyon at mga mapagkukunan para sa pagpaplano sa pagtatapos-ng-buhay at mga opsyon upang makamit ang isang mapayapang kamatayan. Maaari kang makahanap ng impormasyon tungkol sa paunang mga direktiba, mga utos ng manggagamot upang mapanatili ang buhay [physician's orders for life-sustaining treatment (POLST)], paghihirang ng tamang kahalili sa pangangalagang pangkalusugan, kusang loob humintong kumain at uminom [voluntary stopping of eating and drinking (VSED)], pagtanggi sa hindi gustong medikal na panggagamot, hindi pagpapatuloy ng panggagamot na magpapanatili ng buhay sa ilalim ng pangangalaga ng isang manggagamot, at medikal na tulong sa pagkamatay.

Nakakatulong ang aming mga kagamitan upang matiyak na ang iyong mga kahilingan sa dulo ng buhay ay iginalang.

Paano Ka Makakatulong

Mag-ambag

Ang iyong donasyon sa Compassion & Choices Hawai'i ay makatitiyak na maaari naming mapalawak ang akses sa medikal na tulong sa pagkamatay at protektahan ang batas mula sa mga kalaban na nais itong buwagin. Lubos kaming umaasa sa mga regalo at mga pamigay upang suportahan ang trabaho na aming ginagawa para sa iyo, sa iyong pamilya at mga kaibigan. Mangyaring tumulong ngayon. Upang mag-ambag online paki-bisita ang: ***CompassionAndChoices.org/Hawaii*** o para sa higit na impormasyon tawagan ang **800.247.7421**.

Makibahagi

Ang aming mga boluntaryo ay tumutulong na turuan ang publiko tungkol sa pangangalaga sa pagtatapos-ng-buhay at nagsasalita sa kanilang mga komunidad. Humiling ng isang tagapagsalita na pumunta sa iyong grupo o makibahagi bilang isang boluntaryo!

Maging Iyong Sariling Pinakamahusay na Tagapagtaguyod

Kausapin ang iyong mga mahal sa buhay, iyong mga manggagamot at iyong komunidad tungkol sa pangangalaga at pagpili sa katapusan ng buhay. Ang pangangalaga at pagpaplano sa katapusan-ng-buhay ay nagsisimula sa iyo. Bisitahin ang aming website para sa mga mungkahi at tagasimula ng kombersasyon sa ***CompassionAndChoices.org/Hawaii***.